
PRAYMER SA
KARAPATAN
SA PAGKAIN
Philippine NGO Coalition on Food Security and Fair Trade (PNLC)
c/o Management Organizational Development for Empowerment

Praymer sa Karapatan sa Pagkain

Copyright 2008
Philippine NGO Coalition on Food Security
and Fair Trade (PNLC)

Pinangasiwaan ni
**Mylene Saluta**

Isinulat ni
**Bernardo D. Larin**

Niley-awt ni
**Arnel Rival**

Iginuhit ni
**Eugene Bacasmas**

*Ang babasahing ito ay nailathala sa tulong pinansyal ng **Management and Organizational Development for Empowerment (MODE).**

Para sa karagdagang impormasyon,
kumontak sa:

**Philippine NGO Coalition on Food Security and Fair Trade (PNLC)**
c/o MODE #99 Matimtiman St., Sikatuna
Village, Quezon City
Tel. Nos. 435-365:2 at 426-1126
E-mail: info@mode.org
Website: www.mode.org

# PRAYMER SA **KARAPATAN** SA **PAGKAIN**






(Nag-uusap ang magpinsang si Iska at si Kwatog. Si Iska ay dalagang 35-taong gulang at nagtatrabaho sa isang institusyong tumutulong sa mga magsasaka. Si Kwatog naman ay malusog na labindalawang taong batang lalaki.)

**Iska:** Hoy, Kwatog, alam mo bang ang pagkakaroon ng pagkain sa ating mga hapag ay isa ring importanteng karapatan?"

**Kwatog:** Ha? Ang alam ko lang dapat lagi akong busog, hehe. Pero seryoso, hindi ba pag sinabing *human rights*, tungkol 'yan sa pagra-*rally*, *torture* at mga *salvaging*?

**Iska:** Ayan, puro kasi pagkain nasa kukote mo. Ang *human rights* ay hindi lamang mga pampulitikang kalayaan tulad ng pagboto, *freedom of speech*, at iba pa. Kasama rin sa ating mga karapatan ang pagtiyak ng pamahalaang natutugunan ang ating mga pangkabuhayan at panlipunang pangangailangan tulad ng pagkain, edukasyon, tirahan at kalusugan.

Isa pa, tila magkakakambal ang mga pampulitikang karapatan at pang-ekonomiyang karapatan, nagtutulungan para sa pangkabuuang kaunlaran, kalayaan, at dignidad ng bawat mamamayan.

**Kwatog:** Wow, parang batman & robin!

**Iska:** "Sandata nating mga mamamayan ang kalayaang magpahayag at makisali sa pagpapatakbo ng pamahalaan upang makamit ang mga pangkabuhayan at panlipunang kagalingan. Halimbawa, paano magkakaroon ng sapat na pasahod at benepisyo ang mga manggagawa kung hindi sila mag-oorganisa at magsasagawa ng mga pagkilos upang maipaabot sa mga kapitalista at pamahalaan ang kanilang mga kahilingan?"

Pero sa kabilang banda, hindi rin natin epektibong magagamit ang mga kalayaang ito kung hindi natutugunan ang ating mga batayang pangangailangan tulad ng pagkain, edukasyon at kalusugan. Paano boboto nang maayos ang isang taong walang pinag-aralan? O makakasama sa mga pampulitikang aktibidad ang mga taong ang laging iniisip ay

kung saan manggagaling ang tanghalian o hapunan ng kanilang pamilya?"




**Kwatog:** "Ibig bang sabihin nito tungkulin ng pamahalaang bigyan tayo ng pagkain?" Yehey!!!

**Iska:** "Hmmm, oo pero sa ilang pagkakataon lang tulad ng kalamidad at gyera kung saan kailangan ng tulong ng mga biktima upang sila ay makakain nang maayos.




Tungkulin din ng gobyernong tulungang magkaroon ng pagkain ang mga sektor at

mamamayang hindi kaya o nahihirapang makakuha ng sapat na pagkain tulad ng mga bata, matatanda, may kapansanan, at mga nagdarahop sa buhay."




**Iska:** "Ayon sa United Nations (UN), ang karapatan sa pagkain ay natutupad kung ang mga tao ay laging nakakakuha o nakakabili ng sapat at masustansyang pagkaing nagtitiyak ng pisikal at mental na kalusugan at ng pamumuhay na may dignidad. Kailangan ding angkop sa kultura ng mga tao ang mga pagkaing ito."

**Kwatog:** "Wow, hebigat naman ng pakahulugan mo sa karapatan sa pagkain pero sa tutoong buhay, paano malalaman kung naisasakatuparan nga ba ito?"

**Iska:** "Dito papasok ang mga elemento ng karapatan sa pagkain.  Ibig sabihin, kung may nagkukulang sa mga sangkap na ito, may mga paglabag o problema sa pagpapatupad ng karapatan sa pagkain."

**Kwatog:** "Eh ano nga 'yung mga elementong ito, ang dami mo namang pasakalye."

**Iska:** "Eto, ipaskil ko na lang sa dingding, baka mainip ka pag inisa-isa ko, tulugan mo pa ko. Basahin mo na lang!"



# MGA ELEMENTO NG KARAPATAN SA PAGKAIN

1. Dapat may *food security* o seguridad sa pagkain ang isang bansa at tiyaking tatagal ang mga likas na yaman nitong pinagkukunan ng pagkain para sa susunod na henerasyon.
2. Ang pagkain ay dapat na nagbibigay ng sapat na sustansya para sa pisikal at mental na pag-unlad ng isang tao at upang magampanan niya ang kanyang papel at mga gawain sa buhay.
3. Kailangan ding ligtas ang pagkain mula sa anumang mapanganib na sangkap tulad ng dumi at lason dulot ng hindi tamang pagproseso at kontaminasyon.
4. Presensya ng pagkain. Ibig sabihin, dapat may pagkain kapag kailangan ng mga tao. Maaaring itinanim o inalagaan nila sa mga bakuran nila o maaaring nabibili sa palengke o talipapa. Mangyayari lamang ito kung may maayos na sistema ng produksyon at distribusyon ng pagkain sa bansa.
5. Pang-ekonomikong *access* sa pagkain. Dapat abot-kayang halaga ang presyo ng sapat na pagkain at hindi nasasakripisyo ang ibang pangangailangan ng pamilya tulad ng edukasyon, kalusugan, bahay, at iba pa.
6. Pisikal na *access* sa pagkain. Ibig sabihin, ang sapat na pagkain ay abot-kamay ng lahat maging ng mga may kapansanan, mga sanggol at bata, at matatanda. Kailangan ding bigyan ng ispesyal na atensyon ang mga biktima ng kalamidad, mga kaguluhan, at iba pang *emergency situations.*
7. Panghuli, dapat ding maging katanggap-tanggap sa mga tao ang pagkain batay sa kanilang kultura at mga kinagawian.



**Kwatog:** "Ngeks, madugong usapin pala itong karapatan sa pagkain. Akala ko basta busog ang mga tao, ok na. Eh, di ba, noodles nga lang *solve* ka na? Napapanood ko nga sa T.V., Lucky Me ang ipinapamigay ng gobyerno sa mga biktima ng baha."

**Iska:** "Yun nga ang problema eh, kahit na merong Accelerated Hunger Mitigation Program (AHMP) ang ating pamahalaan, tila sablay ito sa mga elementong nabasa natin kangina. Halimbawa, ano bang sustansya ang makukuha ng mga tao sa noodles?"

"Pangalawa, hindi sapat na ibsan lamang ng gobyerno ang kagutuman kundi tumbukin nito ang mga tunay na problemang nagdudulot ng kahirapan at kagutuman sa ating mga kababayan."

"Ito kasing AHMP ay tila pangpropaganda o pang-pogi *points* lamang ng Pangulong Arroyo bilang reaksyon sa inilalabas na *survey* ng Social Weather Station (SWS) na humigit kumulang ay 20% o 3.8 milyong pamilyang Pilipino ang nagugutom. Mula sa bilang na ito, 725,000 na pamilya ang nakakaranas ng matinding kagutuman "

**Kwatog:** "Waah, ang seryoso mo naman dyan! Pero ano nga ba ang dapat na ginagawa ng pamahalaan upang maisakatuparan ang karapatan sa pagkain?"

"Saka teka, bakit puro gobyerno ang inaasahan natin?"




**Iska:** “Syempre, kaya nga tayo nagluklok ng pamahalaan at binigyan ito ng kapangyarihang mamuno dahil inaasahan nating bibigyang katuparan nito ang ating mga karapatan. Bukod dito, ang gobyerno rin ang pumirma sa mga internasyunal na kasunduan hinggil sa karapatang pantao, kasama na ang karapatan sa pagkain.

Pero tama ka, meron ding tungkuling dapat gampanan ang mga tao para lubusang makamit ang kanilang mga karapatan. Unang-una na nga dyan ay ang aktibong pakikilahok sa mga pampublikong usapin at pagkuha ng mga karapatan at benepisyong ibinibigay ng gobyerno.”

“Balik tayo sa pamahalaan, ang mga obligasyon nito sa karapatan sa pagkain ay pwedeng hatiin sa tatlo;

**irespeto, protektahan, at isakatuparan** ang karapatang ito."

**Kwatog:** "Ayan ka na naman, ang lalim mo na namang magsalita, nagugutom tuloy ako!"

**Iska:** "Hindi, madali lang intindihin 'to. Kapag sinabing irespeto ang karapatan sa pagkain, ibig sabihin hindi ito dapat gumawa ng mga hakbang na puputol, hahadlang o sisira sa kasalukuyang pinagkukunan ng pagkain ng mga tao.




Halimbawa, hindi ito dapat magpatupad ng mga proyekto o programang masama ang epekto sa kakayahan ng mga kagubatan, pangisdaan, at mga lupang sakahan na lumikha ng pagkain."

**Kwatog:** "Paano naman 'yung pagprotekta sa karapatan sa pagkain?"

**Iska:** "Ito naman 'yung mga aksyon at hakbang na kailangang gawin ng pamahalaan upang ipagtanggol ang paglikha o pagkuha ng pagkain ng mga mamamayan laban sa mga makasariling interes.

Matingkad na halimbawa nito ang tungkulin ng gobyernong pangalagaan ang kapaligiran at likas na yaman laban sa operasyon ng mapanirang pagmimina. Ngunit kabaligtaran nito ang nangyayari, mismong pamahalaan pa ang nag-iimbita sa mga dambuhalang korporasyong magmina.




Hindi na ito natuto sa mga trahedyang naganap kaugnay ng pagmimina tulad ng nangyari sa Marinduque kung saan isang buong ilog ang namatay dahil sa pagdaloy ng lasong kemikal mula sa minahan ng Marcopper. Ang tinamaan ng magaling na korporasyon, hindi man lang tumulong sa pag-aayos ng mga sinira nito at wala rin namang nagawa ang




gobyerno natin para pagbayarin ito.

Isa ring halimbawa ng dapat na pangangalaga ng pamahalaan sa ating karapatan sa pagkain ay ang mahigpit na pagbabantay sa mga pagkaing ibinebenta sa mga pamilihan. Kailangan nitong tiyaking ligtas at masustansya ang mga pagkaing binibili ng kanyang mamamayan."

**Kwatog:** "Eh paano naman isasakatuparan ng gobyerno ang karapatan sa pagkain?" Kapag mamimigay ng pagkain, sama ko dyan ah!

**Iska:** "Dito naman papasok 'yung mga positibong hakbang at mga polisiyang dapat na ipatupad ng ating pamahalaan upang matugunan ang mga suliraning hadlang sa pagkakaroon ng sapat na pagkain ng ating mga kababayan.

Unang-una na rito ang pagpapatupad ng repormang agraryo at pagsuporta sa agrikultura para lalong maging produktibo at umangat ang kabuhayan ng mga magsasaka.

Pagpapatayo ng mga kalsada upang bumilis ang pagbibyahe ng mga produkto at iba pang imprastrukturang lalo pang magpapataas ng produksyon ng agrikultura at makakatulong sa pagproseso ng pagkain.

Isa pa, mahalaga ring arugain ng pamahalaan ang kanyang mga manggagawa at tiyaking may sapat na hanap-buhay at makatarungang kondisyon sa paggawa upang




magkaroon sila ng sapat na kita at kaseguruhan sa pagkain.

Kailangan ding magpatupad ng mga polisiyang magbibigay proteksyon sa ating mga lokal na produktong pagkain at lokal na industriya laban sa pagdagsa ng mga *imported* na pagkain mula sa ibang bansa.

Mahaba pa ang listahan ng mga dapat gawin ng pamahalaan pero ang malinaw dapat makitang ibinubuhos

nito ang lahat ng kakayahan at kalakhan ng *budget* nito sa mga programang mag-aangat sa kabuhayan at magbibigay ng mga batayang serbisyo sa ating mamamayan.

At syempre, kailangang nakikinig din ito sa pananaw at hinaing ng taumbayan at bukas sa partisipasyon ng mamamayan sa pagsasakatuparan ng mga karapatang pantao."

**Kwatog:** "Naku kung saan-saan na tayo nasuot, eh karapatan sa pagkain lang ang pinag-uusapan natin. Napapakunot ang noo ko!"

**Iska:** "Ganyan talaga, magkakaugnay ang mga problema, kung paanong magkakaugnay din ang mga



karapatan.  Pero kung iisipin mo nga, simple lang, kapag may sapat na kita ang mga tao at alam ang  tamang nutrisyon, malaki ang tsansang makamit nila ang kanilang karapatan sa pagkain.

"Pero ang problema nga, maraming pagkukulang at mga paglabag sa karapatang pantao na ang resulta ay ibayong paghihirap, kagutuman at kawalang pag-asa sa bahagi ng mga  mamamayan.

**Kwatog:** "Sige nga, anu-ano ba 'yang mga sinasabi mong paglabag sa karapatan sa pagkain? Mahirap na baka malabag karapatan ko, magutom ako, hindi pwede yan!"




**Iska:** "Uy, sa wakas tumama ka rin!  Isa ngang paglabag sa karapatan sa pagkain kapag may mga taong laging nakakaranas ng pagkagutom at hindi ito natutugunan ng pamahalaan.


Ganundin, kapag may pinagkaitan ng pagkain o ng paraan para makakuha ng pagkain dahil sa kanilang kulay, lahi, kasarian, edad, relihiyon, at paniniwala.  Halimbawa, kapag

may dumarating na tulong na pagkain sa barangay, ang kadalasang binibigyan lamang ng kapitan ay ‘yung mga kakampi nya sa pulitika.  Maling-mali ito sapagkat isa itong uri ng diskriminasyon.

Nilalabag din ng pamahalaan ang karapatan sa pagkain kapag pumapasok ito sa mga internasyunal na kasunduan nang hindi tinitingnan ang epekto nito sa kakayahang makakuha ng pagkain ng mga tao.  Matingkad na halimbawa nito ang pagpasok natin sa General Agreement on Tariffs and Trade (GATT) sa ilalim ng World Trade Organization (WTO), kung saan talo tayo dahil kahit na mura ang tinatambak nilang pagkain dito, lugi naman ang mga magsasaka at iba pang mga lumilikha ng pagkain dito. Saan ngayon sila kukuha ng pambili ng pagkain kung patuloy na maghihingalo ang ating lokal na agrikultura at industriya?”

“Sablay din kapag nagpasa ng mga batas, polisiya, at programang makakahadlang sa pagkakaroon o pagkuha ng pagkain ng mga tao tulad ng pag-*convert* sa mga lupang sakahan o kaya ay paghikayat sa malakihang pagto-troso at pagmimina.

Sa kabilang banda, palpak din ang gobyerno sa karapatang ito kapag hindi nakapagpatibay at nakapagpatupad ng mga batas at patakarang magpapahusay sa produksyon ng pagkain at mag-aangat sa kabuhayan ng mga mamamayan.”




**Kwatog:** "Eh paano nga mapapabuti ang kalagayan ng mga mahihirap? Ang tagal-tagal na 'yang problema ng Pilipinas, wala ngang presidenteng nakagawa n'yan."

**Iska:** "Halimbawa, sa mga magsasaka, bakit ba sila naghihirap? Kasi bukod sa wala pa rin silang mga sariling lupa, kulang din ang kanilang puhunan upang mapaunlad nila ang kanilang mga bukirin.  Ganundin, kulang na kulang ang mga imprastruktura tulad ng mga kalsada upang mabilis na madala ang kanilang mga produkto sa mga pamilihan.

Sa mga manggagawa naman, kabi-kabila ang paglabag sa kanilang mga karapatan na humahantong sa pagiging miserable ng kanilang mga buhay tulad ng hindi pagbibigay




ng makatarungang pasahod at mga benepisyo. Binababawalan din silang mag-unyon at hindi na rin sila nakakatikim ng mga benepisyo ng regular na trabahador dahil ang uso ngayon ay kontraktwalisasyon.

O kaya naman, paano makakaangat man lamang sa buhay ang mga mahihirap kung kulang na kulang ang serbisyong panlipunang nagmumula sa pamahalaan tulad ng edukasyon, kalusugan, pabahay, at iba pa. Ang problema kasi, hindi na nga prayoridad ng gobyerno ang mga serbisyong ito, ibinubulsa pa ang kakarampot na *budget* na para sana sa mga pangangailangang ito.

Oo nga pala, paglabag din sa karapatan ang hindi paglalaan ng pamahalaan ng maksimum na *resources* o pinakamataas na *budget* para sa katuparan ng mga

karapatang pangkabuhayan tulad ng pagkain. Maituturing ding paglabag sa karapatang pantao ang pangungurakot sa pondo ng bayan at ang kawalan ng kakayahan ng pamahalaang pigilan ito.

Ilan lamang ito sa mga problemang kailangang hanapan ng pangmatagalang solusyon ng pamahalaan kung sinsero talaga ito sa paglutas sa problema ng kagutuman at matiyak ang karapatan sa pagkain ng mga Pilipino."

**Kwatog:** "Naks, ang galing mo naman Ate Iska. Pwede ka nang mangampanya sa susunod na eleksyon."

**Iska:** "Ngeks, mangangampanya nga tayo pero hindi sa eleksyon ng mga trapo. Ikampanya natin ang pagkilala at pagtupad ng pamahalaan sa karapatan sa pagkain ng mga kababayan natin!"




**Kwatog:** (Kamot ulo) "Eh paano?"

**Iska:** "Marami tayong pwedeng gawin. Simulan natin sa ng pagdaraos ng mga talakayan sa ating mga barangay, iskwelahan, at maging sa mga organisasyong

kinabibilangan natin.

Maaari rin tayong maglunsad ng mga pakikipag-dayalogo sa ating mga lokal na opisyal at kinatawan ng mga ahensya ng pamahalaan na may kinalaman sa pagkain. Pwede natin silang hikayating magsagawa ng *food security planning* o pagpaplano kung paano makakamit ang kaseguruhan sa pagkain sa ating komunidad.

Pwede rin tayong maging aktibo sa mga *local development councils* at dito ipasok ang usapin ng karapatan sa pagkain at magsulong ng mga lokal na polisiyang magtataguyod sa karapatang ito.




Saka mahalaga ring makatulong natin ang *media* sa kampanyang ito dahil sa lawak ng populasyong naaabot nito. Halimbawa, epektibo nating mapapaabot ang kaalaman sa tamang nutrisyon sa pamamagitan ng radyo at T.V.

**Kwatog:** "Teka, sino ba tinutukoy mong gagawa n'yan? Tayong dalawa lang? Hehe."

**Iska:** "Oo nga pala. Syempre mas ok kung makakapagbuo tayo ng mga samahan sa

ating mga komunidad na magsusulong sa ating interes tulad ng karapatan sa pagkain. Sabi nga, mas maganda kung marami at sama-sama."

Kalaunan, pwede nang magkatulungan ang mga lokal na organisasyon at sa pambansang lebel naman magtutulak ng mga reporma, batas, polisiya, at mga programang magrerespeto, magtatanggol, at magbibigay katuparan sa mga karapatang pantao tulad ng karapatan sa pagkain."

**Kwatog:** "Yehey! Pagkatapos nun, pwede nang tumakbong presidente si Ate Iska!"

**Iska:** "Ikaw talaga, tumigil ka na nga. Halika tulungan mo na lang ako dito sa dino-drowing kong *poster*."

